Ang bayad sa aso ay marumi. Ang kaloob sa patototot ay marumi. Ang kinita ng mambabakam ay marumi.

Ayon kay Rāfi` bin Khudayj, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsabi: "Ang bayad sa aso ay marumi. Ang kaloob sa patototot ay marumi. Ang kinita ng mambabakam ay marumi."
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nililinaw sa atin ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ang mga kinikitang marumi at kalait-lait upang iwasan natin at piliin ang mga kinikitang kaaya-aya at marangal. Kabilang sa mga iyon ang bayad sa aso, ang upa sa patototot sa pangangalunya nito, at ang kinita ng mambabakam.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6037